

Ipinahayag ni Allah ang pinakamainam na mensahe—isang Aklat na pare-pareho at inuulit—na kung saan nanginginig ang mga balat ng mga may takot sa kanilang Panginoon. Pagkatapos, lumalambot ang kanilang balat at puso sa pag-alaala kay Allah... (Qur’ an 39:23)

Isang Aklat na Pinangalagaan ng Diyos

Sa lahat ng mga banal na kasulatang ipinahayag sa kasaysayan—Torah, Mga Awit, Ebanghelyo—ang Qur’ an lamang ang nanatiling buo at hindi nabago sa orihinal nitong anyo sa loob ng higit 1,400 taon. Nanatili ito na walang dungis, ayon sa pangako ni Allah.

Isang Puwersang Umaakit sa Kaluluwa

Maging ipinanganak na Muslim o dating hindi Muslim, maraming tao ang naglalarawan sa Qur’ an bilang isang makapangyarihang hatak espiritwal. Sa bawat talata, ito’ y nagbibigay inspirasyon, nagpapagaling, at gumigising sa puso. “Kapag ito ay binibigkas sa kanila, sinasabi nila: ‘Kami ay naniniwala rito. Katotohanan, ito ay mula sa aming Panginoon...’ ” (Qur’ an 28:52–53)



Mga Sagot sa Malalalim na Tanong ng Buhay

Tinutugunan ng Qur’ an ang pinakamalalim at pinakamasalimuot na tanong ng sangkatauhan:

Bakit tayo nilikha? Ano ang layunin natin? Bakit may pagdurusa? Ano ang mangyayari pagkatapos ng kamatayan?

Marami ang nakakahanap ng kapayapaan at layunin sa pamamagitan ng Qur’ an, sapagkat ito ay nagtuturo na may buhay pa pagkatapos nito—sa Paraiso para sa mga mananampalataya.

Silungan sa Panahon ng Pagsubok

Kapag dumarating ang sakit, takot, o pagkalito, likas sa mga mananampalataya ang paglapit sa Qur’ an. Ang mga talata nito ay nagdadala ng katahimikan, lakas, at kapanatagan—maging sa mga hindi nagsasalita ng Arabic. Ang Qur’ an ay hindi lamang binabasa—ito’ y nararamdaman.

Isang Kumpletong Gabay sa Buhay

Higit pa sa pagsamba, ang Qur’ an ay nag-aalok ng praktikal na patnubay sa:

- Pamumuhay ng may moralidad
- Pagtatanggol sa mahihina
- Pag-iwas sa mga mapaminsalang bisyo
- Pagbuo ng makatarungang lipunan

Pinangangalagaan nito ang mahihirap, binibigyang dangal ang kababaihan at mga ulila, at itinataguyod ang habag, dangal, at katarungan.

Isang Banal na Handog sa Buong Sangkatauhan Walang ibang aklat ang nakakapagbago ng buhay tulad ng Qur’ an.Inaabot nito ang mga nakalimutan, inaaruga ang mga nagdadalamhati, at ginagabayan ang sinserong naghahanap.

Ang Qur’ an ay regalo mula sa Maylalang sa bawat pusong handang makinig



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang Kapangyarihan ng Qur’ an sa Pagbabago ng mga Puso at Isipan

